

MSU – SULU

KISSA JOURNAL



Volume 2

Number 2

August-December 2021

Hannbal H. Bara	Enduring <i>Bawgbug</i> of the Founding Fathers of the Sultanate of Sulu
Grace J. Akalal	Municipal Administration: Talipao Best Practices
Kadafi A. Basaluddin	Administrative Capability of the Barangay Governments in Jolo
Fermina O. Anuddin	Effective Recruitment Process of Faculty Members of MSU-Sulu: A Key to Quality Education
Femalyn A. Amirul	<i>Tawhid</i> Framework for Curriculum Development: Sulu Education
Ajid M. Sari	Integration of Biological Teaching of Islam in the University
Abubakar J. Radjuni	Glocalization in Education: New Roles of the Teacher Education
Ronnie H. Sammah	Correlation Between Mathematics Grade and General Rating in MSU-System Admission and Scholarship Examination
Adamel K. Lukman	Practices and Challenges of Outcomes Based Education (OBE) in Social Science Instruction of Junior High School Students in Jolo, Sulu
Abdulhan N. Jannaral	English Language Learning Strategies and their Effectiveness: An Assessment
Jeckson M. Yusop	Seagrasses Biodiversity: Its Ecological Roles and Socio-Economic Relevance
Wilma A. Lakkian	Ang Bisa ng Kolaboratib – Kooperatib na Estratehiya sa Pagkatuto ng Filipino ng mga Mag-aaral sa Unang Taon sa Kolehiyo ng MSU-Sulu at Sulu State College
Rosalinda B. Wadja	Kalipunan ng mga Salitang Tausug na may Kahulugan sa Wikang Filipino sa Bayan ng Jolo

KALIPUNAN NG MGA SALITANG TAUSUG NA MAY KAHULUGAN SA WIKANG FILIPINO SA BAYAN NG JOLO

Ni Rosalinda B. Wadja

I. INTRODUKSYON

Sa pag-aaral ng anumang wika, nararapat lamang na ang isang mananaliksik ay may malawak na kaalaman sa wikang pag-aaralan. Kailangan din ang angking kakayahan sa paghabi ng mga angkop na salita upang kanyang maipahayag nang malinaw at makahulugan ang laman ng kanyang isip at puso. Katunayan, ang kakayahang ito ang nagsisilbing susi ng pagkakaroon ng mabisang pakikipagtalastasan, pasalita man o pasulat.

Tinatalakay sa artikulong ito ang mga salitang Tausugna may katumbas na kahulugan sa wikang Filipino; mga salitang Tausug na magkaiba ang baybay ngunit may iisang kahulugan sa wikang Filipino at mga salitang Tausug na magkatulad ang baybay ngunit iba ang diin ng bigkas na may katumbas na kahulugan sa wikang Filipino.

Upang matamo ang inaasahang resulta, naging bahagi ng proseso ng pag-aaral ang pagpapakahulugan, pagbibigkas at pagbabaybay ng mga nalipong salitang Tausug sa layuning malaman ang kaugnayan nito sa mabisang pakikipagtalastasan at pagkakaunawaan.

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa bayan ng Jolo, taong 2012. Deskriptibo at kwalitatibo ang disenyo ng pag-aaral. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng respondante. Nagsagawa ng interbyu sa paglikom ng mga datos at ang instrumenting statiskal na ginamit sa pag-analisa ay frequency count at percentage distribution.

II. PRESENTASYON AT ANALISIS NG PAG-AARAL

Teybol 1. Propayl ng Respondante ayon sa Kasarian, Edad, Edukasyon at Hanapbuhay

Kasarian	Frequency	Porsyento
Lalaki	98	65.3
Babae	52	34.7
Total	150	100
Edad		
30 at pababa	55	36.7
31-40	23	15.3
41-50	34	22.7
51-pataas	38	25.3
Total	150	100.0
Edukasyon		
Propesyonal	59	39.3
Mag-aaral	46	30.7
di- nakatapos	45	30.0
Total	150	100.0
Hanapbuhay		

Wikang Tausug	Wikang Filipino	Oo	%	Hindi	%
mabimbang	manghinayang	86	57.3	64	43.7
kasla	masungit, masakit mag-salita	142	94.7	8	5.3
dupun	Diin	146	97.3	4	2.7
magrib	takip-silim	147	98.0	3	2.0
kalluk	baluktot	145	96.7	5	3.3
hawp	hatian	147	98.0	3	2.0
tapaut	huling-huli	143	95.3	7	4.7
dul-baya	kalayaan	134	89.3	16	10.7
tarsangngan	nabigla, nagulat	138	92.0	12	8.0
padduman	kopya	140	93.3	10	6.7
Kawani sa gobyerno		45		30.0	
Kawani sa Pribado		13		9.6	
Mag-aaral		40		26.7	
Walang hanapbuhay		52		34.7	
Total		150		100.0	

Ipinapakita sa Teybol 1 na karamihan sa mga respondante ay mga Lalaki na 98 o 65.3 porsyento, samantalang 52 o 34.7% lamang ang mga babae.

Sa edad, nanguna sa dami ang tatlumpong taon pababa na 55 o 36.7%. Sumunod ang edad limampu pataas na 38 o 25.3%. Pumangatlo ang apatnapu't isa hanggang limampo na 34 o 22.7%. Ang panghuli ay ang edad talumpu't isa hanggang apatnapu na 23 o 15.3% lamang.

Sa natamong edukasyon, nanguna ang pro-pesyonal na 59 o 39.3%. Ito'y sinundan ng hindi nakatapos na 45 o 30.0% at 46 o 30.7% ay mga mag-aaral.

Sa aspetong hanapbuhay, makikita na 45 o 30% ay empleyado ng gobyerno, samantalang 13 o 8.7% ang naninilbihan sa pribadong sektor. Pinakamarami ang mga walang hanapbuhay na 52 o 34.7% at ang mga mag-aaral ay 40 o 26.7%.

Sa kabuuang pagsusuri ng mga datos, karamihan sa mga respondante ay lalaki na 98 o 65.3%; sa edad, ang tatlumpu't pababa ang nanguna na 55 o 36.7%; sa larangan ng angking edukasyon, pinakamataas na porsyento ang propesyonal at sa aspetong hanapbuhay, pinakamarami ang walang hanapbuhay na 52 o 34.7%.

Ang bawat respondante ay may kakayahang magpasiya kung alin ang nararapat at kung anong tumpak na salita ang gagamitin upang maging epektibo ang pakikipagtalastasan sa sariling wika. Ang kanilang mga desisyon ay maaasahan upang makabuo ng konklusyon sa pag-aaral na ito.

Teybol 2. Mga Salitang Tausug na may Katumbas na Kahulugan sa Wikang Filipino

Batay sa nasuring kabuuang sagot sa Teybol 2, makikita na may mataas na pangkalahatang bilang ang sumagot ng OO kaysa sa HINDI sa katumbas na kahulugan ng mga salitang Tausug sa wikang Filipino. Ito ay maaaring pahiwatig o nangangahulugan na hindi gaanong nahihirapan ang mga Tausug sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipagtalastasan dahil naka-tutulog ang mga salin ng salitang Tausug sa Filipino sa mabisang pagpapahayag.

Pinapatunayan ng teorya ni Channel (1988. 312) ang pagsusuring ito na ang isang bagong talasalitaan ay maaangkin lamang kung maibibigay nito ang kahulugan alinsunod sa gamit nito sa loob at labas ng isang konteksto. Kung kaya't, magagamit ang talasalitaan nang buong husay sa pakikipagtalastasan dahil alam na alam ng gagamit ang kahulugan ng salitang tinutukoy. Sa resulta ng pagsusuri batay sa bilang ng mga sagot ng mga respondante, ang mga katumbas na salin ng mga salita sa wikang Tausug tungo sa wikang Filipino ay nagpapatunay na naaangkin ng dalawang wika ang naibigay na kahulugan.

Pinatunayan din sa tesis ni Elmee Olmedo, *“Ang Paghahambing na Pag-aaral sa Kayariang Pangwika ng Wikang Filipino at Wikang Cebuano ayon sa Sintaksis,”* na ang wikang Filipino ay nakabatay sa mga wika at wikaing umiiral sa Pilipinas. Hindi mapabubulaanan na ang wikang Tagalog/Filipino na siyang naging unang saligan ng ating wikang pambansa ay higit ding mapagtutuunan ng pansin sa kadahilanang ito ang may pinakamaraming bilang ng salita kung ukol sa wikang ginagamit sa tahanan ang pag-uusapan. Bukod pa rito, nahahawig ito sa maraming wikain sa Pilipinas. Sa madaling salita, hindi magiging mahirap unawain ng ibang tribo ang Wikang Tagalog o Filipino dahil may pagkakahawig ito sa karamihan ng wika sa Pilipinas.

Teybol 3a. Mga salitang Tausug na Magkaiba ang Baybay ngunit may lisang Kahulugan na may Katumbas sa Wikang Filipino

Sa kabuuang pagsusuri, mataas din ang bilang ng porsyento ng sumagot ng OO

Wikang Tausug	Wikang Filipino	Oo	%	Hindi	%
dawhat / makawa	kamit	139	92.7	11	7.3
banyaga/ipun	alila	147	98.0	3	2.0
napinda/na-halin	nabago	149	99.3	1	0.7
lungan/kaw-man	komunidad	149	99.3	1	0.7
mura/sadakka	tulong	130	86.7	20	13.3
hansul/ulung	awa	148	98.7	2	1.3
kasusahan/karukkaan	kalungkutan	147	98.0	3	2.0
subuh-subuh/ lapit-adlaw	madaling araw	150	100	0	0
himupay/himundung	humupa	138	92.0	12	8.0
aslag/ lagguh	kapal	97	64.7	53	36.3

kaysa HINDI sa mga wikang Tausug na magkaiba ang baybay ngunit iisa ang kahulugan na may katumbas na kahulugan sa wikang Filipino.

Sa puntong ito, malinaw na makikita na ang wikang Tausug ay may mga salitang magkaiba ang baybay ngunit iisa ang kahulugan kung isasalin sa wikang Filipino.

Mahalaga sa isang guro na alamin ang unang wika ng kanyang mga tinuturuan para sa maayos na

pagpapahayag at nang maiwasan ang di' pagkaka-unawaan. Gayon din sa mga mag-aaral ng pangalawang wika upang sa gayon ay maging epektibong ang kanilang pagkatuto. Sadyang mahalaga ang pagpapakahulugan ng bawat salita upang maiwasan ang maling pagtanggap ng mga ideya o mensaheng nais ipahatid.

Ang pag-alam sa unang wika at katumbas nito ng mga mag-aaral at ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa mga etnikong Tribo tulad ng Tausug ay nakatutulong nang malaki sa pag-unawa ng kahulugan na magagamit nang buong husay sa pakikipagtalastasan.

Ang pananaliksik na tulad nito ay isang malaking panimulang hakbang upang mapaunlad ang talasalitaang Tausug. Higit na mainam kung ito ay maitala at mapabilang sa mga diksyonaryong sanggunian ng mga iba't ibang wika ng etnikong grupo.

Teybol 3b. Mga salitang Tausug na Magkatulad ang Baybay ngunit iba ang Diin ng Bigkas na may Katumbas sa Wikang Filipino

Mapapansin sa Teybol 3b na ang mga salitang Tausug na naitala ay pareho

Wikang Tausug	Wikang Filipino	Oo	%	Hindi	%
sangat sangát	sabit lubha	148	98.7	2	1.3
dáhun dahún	dalhin dahon	150	100	0	0
pananap pananap	gapang gahaman	136	93.0	14	7.0
kamú kámù	kayo amin	146	97.3	4	2.7
tibi tibî	telebisyon tapyas	147	98.0	3	2.0
ungsud ungsud	bigay-kaya iabot	144	96.0	6	4.0
babâ baba babá	Ilalim samantala/ habang kargahin sa balik	149	99.3	1	0.7
pukút Púkut	lambat upo na pabaluktot	146	97.3	4	2.7
uwi' uwi'	balik, uwi bagong lipat	147	98.0	3	2.0
batî bati	gising haluin	147	98.0	3	2.0

ang baybay. Sa agarang tingin, aakalain natin na may iisa itong kahulugan. Sa ganitong pagsusuri, kinakailangan ang pagsasaalang-alang sa wastong bigkas ng salita upang maitumpak ang pagpapakahulugan nito at maiwasan ang di' pagkaka-unawaan.

Ang nasuring pag-aaral na ito ay pinatunayan sa aklat ni Santiago, na ang ponolohiya'y tumutugon sa angking tunog ng isang wika. Nagkakaroon lamang ito ng angkop na kahulugan batay sa wastong pagpatunog o pagbigkas ng isang

salita. Dagdag pa ni Santos (2009.d.9), “ang varasyon ng wikang ito na nasa ilalim ng iisang masaklaw na wika ay maaaring nasa tunog-punto o paraan ng pagbigkas, maaaring nasa vokabularyo, o maaaring sa pagkabuo ng mga salita/grammar o maaaring sa lahat.”

Matapos malikom ang sampung salitang Tausug, isa-isa itong ipinabigkas sa respondante sa tamang diin para maitumpak ang pagpapakahulugan at salin nito sa wikang Filipino. Kung di' katutubong Tausug ang babasa ng mga naturang salita sa pamamaraang pasulat, maaaring hindi ito mabibigkas nang maayos, at magiging taliwas ang pagkakaintindi ng nakikinig sa tinutukoy na kahulugan. Ang suliranin ng pagbigkas sa tamang diin ng mga salita sa una at pangalawang wika ay kadalasang nangyayari sa ibang etnikong grupo. Kaya mahalagang alamin ang mga salitang pareho ang baybay subalit iba ang bigkas para maresolba ang suliranin ng di' pagkakaunawaan.

Ang gampanin ng Diin at Tuldik sa mga pasulat na talasalitaan ay maging gabay para maiangkop ang pagpapakahulugan.

Ayon kay Santos, “ang wastong bigkas ay nagdaragdag ng dignidad sa mensahe na ating ipinangangaral. Itinutuon nito ang pansin ng nakikinig sa mensahe sa halip na sa pagkakamali sa pagbigkas.”

Sa Teybol 3b, mapapansin natin na may mga tuldik ang mga salita. Ito ang magsisilbing gabay upang mabigkas nang maayos ang mga salita ayon sa pagpapakahulugan. Mahalaga sa mag-aaral at sa gurong nagtuturo ng una at pangalawang wika ang pag-aaral ng iba't ibang diin ng mga salita para sa epektibong pagkatuto.

Sa pagsusuri sa kabuuang sagot ng mga respondante, makikita sa Teybol 3b na matataas ang porsyento ng sagot na OO sa bawat sampung salita. Ito ay nangangahulugang hindi mahirap sa mga Tausug ang umintindi ng wikang Filipino. Kung kaya't, mahalagang pag-aralan pati kaliit-liitang himay ng isang wika upang maging makahulugan at epektibo ang pakiikipag-talastasan.

Teybol 4a. May Kaugnayan ba sa Antas ng Pang-unawa at Mabisang Pagpapahayag sa mga Respondante ang mga Salitang Tausug na may Katumbas na Kahulugan sa Wikang Filipino?

Oo	Rason	Nag-rason	%
1	1. Mailalahad nang maayos ang Mensaheng nais iparating	27	18.0
1	2. Magagamit ang akmang salitang gustong ipahayag	14	9.33
1	3. Masasabi ang nais ipaliwanag	16	10.7
1	4. Maibibigay ang tamang salitang tinutukoy	12	8.0
1	5. Masasagot ang mga tanong ayon sa paksang pinag-usapan	8	5.33
Marahil			
2	1. Sapagkat alam niya ang salitang kanyang tinutukoy	21	14.0
2	2. Maipaliliwanag niya nang maayos ang kaniyang iniisip	14	9.33
2	3. Matatalakay nang malinaw ang paksang pinag-uusapan	10	10.7
2	4. Matutukoy ang gustong ipahayag dahil sa maraming bokabularyong alam	12	8.0
2	5. Kabisado ang diin ng bigkas ng mga salita	12	8.0
Wala			
3	1. Malimutin dala ng katandaan	3	2.0
3	2. Mahiyain at walang tiwala sa sarili	1	0.67

Makikita sa Teybol 4a na ang bilang ng kabuuang sagot na OO ay 77 o 51.33%; ang MARAHIL ay nakakuha ng 69 o 46%; at ang WALA ay 4 o 2.67 % lamang. Kung ating susuriin ang mga katanungan sa OO, nakasaad ang mga sumusunod na rason: *mailalahad nang maayos ang mensaheng gustong iparating;*

magagamit ang mga akma ng salitang gustong ipahayag; at maipapaliwanag, matutukoy at masasagot ang mga paksang pinag-uusapan. Ang naturang resulta ay maliwanag na nangangahulugan na madali sa mga Tausug ang makipag-ugnayan gamit ang una at pangalawang wika sa pakikipagtalastasan.

Ang sagot sa MARAHIL ay di gaanong kalayuan ang pagkakaiba sa OO sapagkat ang mga nakasaad na katanungan dito ay batay din sa pagsukat ng kanilang kakayahan sa paggamit at pag-unawa ng dalawang wika. Ang mga sumusunod na rason na pinili ng mga respondenteng MARAHIL ay: *alam niya ang salitang tinutukoy; maipaliliwanag niya nang maayos ang kanyang iniisip, matatalakay nang malinaw ang paksang pinag-uusapan; kabisado ang diin ng pagbigkas ng salita.*

Ang sumagot na *malimutin, mahiyain, at walang tiwala sa sarili* ay 2.67% lamang at malaki ang kaibhan sa sagot na OO at Marahil. Ito ay nangangahulugan na hindi sila gaanong nakakaunawa sa pangalawang wika. Ito ay maaari ding pahiwatig ng kakulangan ng interes na matuto sa panglawang wika.

Teybol 4b. Buod ng mga Sagot sa Pag-uugnay ng Wikang Tausug at Wikang Filipino sa Malinaw na Komunikasyon at Mabisang Pagpapahayag

Sagot	Sumagot	Porsyento
Oo	77	51.33
Marahil	69	46.0
Wala	4	2.67
Total	180	100

Sa pagbubuod ng mga kasagutan mula sa Teybol 4a, inerereprinta ng Teybol 4b ang kabuuan ng mga respondante na sumagot ng OO na umabot 51.33%; 46.0% ang sumagot ng MARAHIL; at 2.67% lamang ang sumagot ng WALA. Inilalarawan lamang dito na ang apat na respondenteng sumagot ng WALA ay palatandaan lamang ng kawalan ng interest na matuto sa pangalawang wika at nahihiyang magsalita sa wikang di' nila nakagisnang. Makikita din sa teybol na ito na halos walang pagkakaiba sa dami ang sagot ng OO sa MARAHIL, samantalang napakalayo ng kaibahan ng sagot na WALA na umabot ng 97.33% ang agwat.

Pinapatunayan lamang ng mga napresentang datos na may kaugnayan ang una at ikalawang wikang Filipino sa mga respondenteng Tausug. Dahil dito, nakakapagpahayag at nakakapagkomuniket sila nang maayos sa Wikang Filipino.

Ang resulta ng pag-aaral ay pinatunayan sa literatura ng tesis ni Olmedo na ang Wikang Filipino ay hango sa iba't ibang wika ng iba't ibang rehiyon at iba't ibang etnikong grupo ng Pilipinas. Dahil dito, hindi mahirapan ang mga naninirahan sa Pilipinas na ito'y intindihin at gamitin.

III. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon: May mataas na bilang pangkalahatan ang sumasang-ayon sa katumbas na kahulugan ng salitang Tausug na isinalin sa Filipino; Hindi mahirap isalin ang mga salitang Tausug sa Filipino; Hindi mahirap sa Tausug ang magpahayag ng kanilang kaisipan sa Wikang Filipino; Hindi nagkakalayo ang

Talasalitaan ng Tausug sa Filipino; Hindi nahihirapan ang mga Tausug sa paggamit ng wikang Filipino sa pakikipag-talastasan sapagkat nakatutulong ang mga salin sa mabisang pagpapahayag tungo sa pagkakaunawaan; Nakakatulong ang mga salin sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga Tausug; May kaugnayan sa pang-unawa at mabisang pagpapahayag ang ginawang pagsasalin ng mga salitang Tausug sa Filipino tungo sa pagkakaisa at pagkakaunawaan ng Tausug at di-Tausug; at Hindi magiging mahirap ang Wikang Filipinong intindihin, unawain at gamitin dahil may pagkakahawig ito sa maraming wika sa Pilipinas.

REKOMENDASYON

Mula sa natuklasang resulta, ang rekomendasyon ng may akda ay ang sumusunod: Dapat mapabilang sa diksyunaryo ang mga talasalitaang Tausug para mapa-unlad at mapalawak ang kaalaman sa wika; Ipagpatuloy ang pag-aaral tungkol sa balarila at talasalitaan ng wika at ng iba't ibang wikain ng etnikong grupo upang mapaunlad ang wikang Filipino at tuloy mapalaganap ang mga etnikong wika ng Pilipinas; Magsagawa ng kaparehong pag-aaral subalit ibahin lang ang dyalekto ng ibang respondante at lugar; at Mainam ding magsagawa ng paghahambing na pag-aaral sa mga iba't ibang talasalitaan ng iba't ibang etnikong grupo ayon sa kanilang una at pangalawang wika.

Mga Referensya

- Abad, Marieta A., Ruedas, Priscella C., 1995 *Filipino Bilang Tanging Gamit*, Quezon city: New Galaxie Lithographic Arts
- Badayos, Paquito B. 1999. *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika (Mga Teorya, Simulain at Istratehiya)*. Makati City: Grand Water Publications Research Corporation
- Buenaobra, Nita P., *Diksyunaryo Samar – Filipino-Ingles, Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino*, 1610 Watsons Bldg., J.P. Laurel St., Malacañang Complex, San Miguel, Maynila
- Catacataca, P. at Espirito, Clemencia C., et al. 2001, *Punla sa Lingguistikang Filipino (Handog Parangal kay A. Santiago)* Grandwater Publications and Research Corporation
- Hassan, Irene U., Seymour A. Ashley, 1984. *Tausug-English Dictionary Kabtangan iban Maana*, Institute of Linguistics, Manila, Philippines, Notre Dame of Jolo College, Jolo, Sulu
- Jawali, Hamsali S. Ed. D. 2006. *Tausug-English-Tagalog Dictionary*, Manila: National Bookstore
- Santiago, Alfonso O., 1979. *Panimulang Lingguistika*, Metro Manila: Rex Books Store, d. 1, 2, 12
- Santiago, Alfonso D., 2003. *Sining ng Pagsasalingwika*, Quezon City: Rex Book Store Publishing Incorporated
- Santos, Angelina L., 2003. *Sining ng Komunikasyon, Departamento ng Filipino at Ibang Mga Wika*, Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan, D. 1